# BAITANG 9

## PAMANTAYAN PARA SA IKASIYAM NA BAITANG

Pagkatapos ng **Ikasiyam na Baitang**, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo at nauunawaan at nasusuri ang Obra Maestrang **Noli Me Tangere,** mga tekstong nasusulat tulad ng panitikan sa Panahon ng Kasarinlan hanggang sa Panahon ng Bagong Milenyo gayundin ang mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika tungo sa pakikisangkot nang may kamalayan sa usaping panlipunan.

## BAITANG 9 – UNANG MARKAHAN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Kasarinlan, tekstong impormasyonal (argumentatibo) para sa paghubog ng kamalayang panlipunan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng isang literaring analisis ng *graphic novel* na isinasaalang-alang ang mga elementong biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa Panahon ng Kasarinlan kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Kasarinlan) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **mga Tekstong Nasusulat** | |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Akda sa Panahon ng Kasarinlan**<br><br>• Tula<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma,tono at talinghaga) ng tula<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon<br><br>• Maikling katha<br>• Nobela<br>• Dula<br>• Sanaysay<br>• Mga Panitikan sa Ingles sa Panahon ng Kasarinlan na isinulat ng mga Pilipino<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan |

<table>
<tr><th>SUB-DOMEYN</th><th>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</th></tr>
<tr><td></td><td>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon</td></tr>
<tr><td></td><td>TEKSTONG IMPORMASYONAL</td></tr>
<tr><td></td><td>Nauunawaan ang tekstong argumentatibo gamit ang mga kasanayang pang-akademik<br><br>• Mga kasanayang pang-akademik (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)<br><br>• Mga tekstong argumentatibo (gaya ng retorikal na analisis, literaring analisis, debate at talumpati)<br><br>(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>(b) Natutukoy sa tekstong argumentatibo ang mga impormasyon at detalye na makatotohanan at mayaman sa opinyon<br>(c) Nakikilala ang mga pangunahin at pangalawang sanggunian<br>(d) Naitatala ang mahahalagang impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunang sangggunian<br>(e) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa</td></tr>
<tr><td></td><td>Nasusuri ang tekstong argumentatibo batay sa estruktura nito (tesis, proposisyon, datos, pangangatuwiran, at rebuttal)</td></tr>
</table>

<table>
<tr><th>SUB-DOMEYN</th><th>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</th></tr>
<tr><td>Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal</td><td>Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento<br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora at PWD)<br>Elemento ng tekstong biswal na pabalat ng graphic novel<br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at argumentatibo)</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal</td><td>Nakabubuo ng isang pabalat ng graphic novel hango sa literaring analisis<br>(a) Nakapipili ng nobela sa Panahon ng Kasarinlan<br>(b) Naitatala ang pinakakapana-panabik na bahagi ng nobela na gagamitin sa pabalat ng graphic novel<br>(c) Naiguguhit ang imahen/ larawan (ilustrasyon ng tauhan, tema, panel, gutter) ng mga tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog na kinasangkutan nila<br>(d) Nakabubuo ng borador (disenyo at pabalat o cover) para sa graphic novel gamit ang mga elementong biswal</td></tr>
<tr><td>Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng pabalat ng graphic novel hango sa bahagi ng sinuring nobela sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (advertisement), at etikal na kasanayan at pananagutan</td></tr>
</table>

**BAITANG 9 – IKALAWANG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Kasarinlan, tekstong impormasyonal (argumentatibo) para sa paghubog ng kamalayang panlipunan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng isang pabalat ng *graphic novel* na batay sa isinagawang literaring analisis ng nabasang nobela na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa Panahon ng Aktibismo at Batas Militar kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa panahon ng Aktibismo at Batas-Militar) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Tula Sa Panahon ng Aktibismo at Batas-Militar**<br>• Tula<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/imahen sa tula<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | (e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma, tono at talinghaga) ng tula<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon<br><br>• Maikling katha<br>• Nobela<br>• Dula<br>• Mga Akda sa Ingles sa Panahon ng Aktibismo at Batas-Militar na sinulat ng mga Pilipino<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG IMPORMASYONAL** |
| | **Nauunawaan ang tekstong argumentatibo gamit ang mga kasanayang pang-akademik**<br><br>• **Mga kasanayang pang-akademik** (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo, at paggamit ng transisyonal |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
| --- | --- |
| | at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)<br><br>• **Mga tekstong argumentatibo** (gaya ng retorikal na analisis, literaring analisis, debate at talumpati)<br><br>(a) Natutukoy ang paksa, layon at ideya sa teksto<br>(b) Natutukoy sa tekstong argumentatibo ang mga impormasyon at detalye na makatotohanan at opinyon<br>(c) Nakikilala ang mga pangunahin at pangalawang sanggunian<br>(d) Naitatala ang mahahalagang impormasyon mula sa iba't ibang mapagkakatiwalaang sanggunian<br>(e) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa |
| | **Nasusuri ang tekstong argumentatibo batay sa estruktura nito (tesis, proposisyon, datos, pangangatuwiran, at *rebuttal*)** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br><br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora at PWD)<br><br>**Elemento ng tekstong biswal na *graphic novel***<br><br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (pampanitikan at argumentatibo) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng isang pabalat ng *graphic novel* hango sa bahagi ng sinuring nobela**<br>(a) Natutukoy ang mga materyal na gagamitin sa pagbuo ng napiling pabalat ng *graphic novel*<br>(b) Nailalapat ang angkop na kulay at teksto sa nabuong imahen/larawan<br>(c) Nasusuri ang kaangkupan ng mga inilapat na elemento sa pabalat ng *graphic novel*<br>(d) Nakabubuo ng simpleng patalastas para sa nabuong *graphic novel* |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | **Naibabahagi ang nabuong pabalat ng *graphic novel* na hango sa literari analisis sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo *(advertisement),* at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 9 – IKATLONG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong Milenyo, at tekstong transaksyonal para sa paghubog ng kamalayang panlipunan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng isang korespondensiya opisyal gamit ang nilikhang *logo* at *letterhead* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa Panahon ng 1986 hanggang sa pagbubukas ng Bagong Milenyo kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (1986 hanggang sa Pagbubukas ng Bagong Milenyo) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Akda mula 1986 hanggang sa Pagbubukas ng Bagong Milenyo**<br>• Tula<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/imahen sa tula<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma,tono at talinghaga) ng tula |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | (f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon<br><br>• Maikling kuwento<br>• Nobela<br>• Dula<br>• Pelikula<br>• Sanaysay<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG TRANSAKSYONAL** |
| | **Nasusuri ang mga katangian ng Korespondensiya Opisyal**<br><br>● Mga Liham Pantanggapan (gaya ng liham pakiusap, pagtatanong, at aplikasyon) |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
| --- | --- |
| | • Sulatroniko/Email<br>• Pagbuo ng Resolusyon<br><br>(a) Natutukoy ang isang korespondensiya opisyal batay sa layon at sitwasyon<br>(b) Nakapagbabalangkas ng isang korespondensiya opisyal batay sa layon at sitwasyon |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br><br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br><br>**Elemento ng tekstong biswal na *logo* at *letterhead* ng korespondesiya opisyal**<br><br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at argumentatibo) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng isang korespondensiya opisyal batay sa layunin, gamit ang nilikhang *logo* at *letterhead***<br><br>(a) Natutukoy ang tiyak na *logo* at *letterhead* na gagawin para sa isang korespondensiya opisyal<br>(b) Naitatala ang mga tiyak na larawan, *caption* at mga tao na kabilang sa *letterhead*<br>(c) Nakabubuo ng plano at borador hinggil sa *logo* at *letterhead* na gagawin<br>(d) Nakasusulat ng isang korespondensiya opisyal gamit ang nilikhang *logo* at *letterhead* |
| | **Naibabahagi ang nabuong korespondensiya opisyal gamit ang nilikhang *logo* at *letterhead* sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (paggamit ng sulatroniko o *email),* at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 9 – IKAAPAT NA MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – **Noli Me Tangere** para sa paghubog ng kamalayang panlipunan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *video trailer* ng Noli Me Tangere na naipakikita ang kamalayan sa usaping panlipunan sa Obra Maestra na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Noli Me Tangere**<br><br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Noli Me Tangere) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>Obra Maestra : Noli Me Tangere<br>• Talambuhay ni Dr. Jose P. Rizal<br>• Pagpapakilala ng mga Tauhan<br>• Kabanata 1-18 at 21<br>• Kabanata 19-20, 22-46<br>• Kabanata 47-63<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa Noli Me Tangere |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | (b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Noli Me Tangere<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Noli Me Tangere batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda<br>(g) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika sa Noli Me Tangere<br>(h) Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Noli Me Tangere at iba pang nobelang panlipunan ba nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Noli Me Tangere**<br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br>– Pabalat ng Noli Me Tangere<br>– Bayan ng San Diego na kakikitaan ng magagarang karuwahe<br>– Larawan ng karukhaan ng pamilya nina Sisa, Basilio, at Crispin<br>– Mga Pagkaing Pilipino<br>– *Photography*<br>– Simbahan na punong-puno ng tao habang may nagmimisang isang Paring Espanyol na kumukumpas ang kamay habang siya ay nasa pulpito<br>– Ang senaryo ng away nina Donya Consolacion at Donya Victorina<br>– Ang Gubat ng mga Ibarra<br>– Piitan<br>– Lawa ng San Diego |

<table>
<tr><th>SUB-DOMEYN</th><th>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</th></tr>
<tr><td></td><td>– Libingan ng mga Ibarra<br>– Bangka<br>– Mahahalagang tauhan<br><br>(a) Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Noli Me Tangere<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Noli Me Tangere</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal</td><td>Nakabubuo ng video trailer ng Noli Me Tangere na naipakikita ang pag-unlad ng usaping panlipunan sa kasalukuyan<br>(a) Nakapipili ng tiyak na bahagi ng Noli Me Tangere<br>(b) Nakabubuo ng plano sa pagbuo ng trailer at borador<br>(c) Nakakukuha ng mga videos ng mga gaganap<br>(d) Nalalapatan ng mga sound effects na kailangan sa video<br>(e) Nailalapat ang iba pang elementong multimodal<br>(f) Nairerebisa ang nabuong video trailer</td></tr>
<tr><td>Naibabahagi ang nilikhang tekstong multimodal (video trailer) sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan</td></tr>
</table>